

Ang Tamang Pagpili ni Daniel: Isang Kuwento ng Pananampalataya at Katapangan

(Daniel 1)

Noong unang panahon, sa isang lugar na tinatawag na Jerusalem, masayang namumuhay ang mga tao ng Diyos, ang mga Israelita. Ngunit lumayo sila sa Diyos, na siyang nagpalungkot sa Kanya. Binalaan sila ng Diyos ngunit hindi sila nakinig, kaya't pinayagan Niyang masakop sila ng mga kaaway. Isang araw, isang makapangyarihang hari na nanggangalang



Nebuchadnezzar mula sa malayong lupain na tinatawag na Babilonia ang dumating at sinakop ang kanilang lungsod. Kinuha niya ang ilang mga espesyal na bagay mula sa Templo ng Diyos at dinala ito sa Babilonia. Gusto rin ni Haring Nebuchadnezzar na magdala ng ilang kabataang lalaki mula sa mahahalagang pamilya sa Jerusalem upang manirahan sa kanyang palasyo.

Sinabi ng hari sa kanyang punong opisyal, si Ashpenaz, na humanap ng mga kabataang lalaki na makikisig, walang kapansanan, at matatalino. Kabilang sa mga napili ay sina Daniel, Hananiah, Mishael, at Azariah. Pagdating nila sa Babilonia, binigyan sila ni Ashpenaz ng mga bagong pangalan. Si Daniel ay naging Belteshazzar, si Hananiah ay tinawag na Shadrach, si Mishael ay naging Meshach, at si Azariah ay naging Abednego.

Gusto ni Haring Nebuchadnezzar na kainin ng mga batang ito ang parehong masaganang pagkain at inumin na kanyang kinakain. Ngunit ayaw ni Daniel kainin ang pagkain dahil hindi ito ang nais ng Diyos para sa kanya. Kaya't humingi siya ng pahintulot kay Ashpenaz na kumain ng ibang pagkain.

Nagustuhan ni Ashpenaz si Daniel at gusto niya itong tulungan, ngunit siya'y natatakot. "Kung hindi ninyo kakainin ang pagkain ng hari at kayo'y magmumukhang mahina, baka parusahan ako ng hari," sabi niya. Ngunit may naisip si Daniel. Hiniling niya kay Ashpenaz na subukin sila sa loob ng sampung araw. "Bigyan mo kami ng gulay

lamang na kakainin at tubig na iinumun," sabi ni Daniel. "Pagkatapos, ihambing mo kami sa iba pang kabataang kumakain ng pagkain ng hari at tingnan kung sino ang mas malusog."

Pumayag si Ashpenaz sa pagsubok. Pagkatapos ng sampung araw, si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay mukhang mas malusog at mas malakas kaysa sa lahat ng ibang kabataang kumakain ng pagkain ng hari! Kaya't pinayagan sila ni Ashpenaz na ipagpatuloy nila ang kanilang espesyal na diyeta.

Nalulugod ang Diyos kay Daniel at sa kanyang mga kaibigan dahil sa kanilang tamang pagpili. Binigyan Niya sila ng karunungan at tinulungan silang matuto ng maraming bagay. Kaya rin ni Daniel na maunawaan ang mga espesyal na panaginip at mga pangitain.

Pagkatapos ng tatlong taon, dinala ang lahat ng kabataan sa harap ni Haring Nebuchadnezzar. Kinausap ng hari ang bawat isa sa kanila at natuklasan niyang sina Daniel, Shadrach, Meshach, at Abednego ang pinakamahusay! Sila'y sampung beses na mas marunong kaysa sa lahat ng manghuhula at salamangkero ng hari.

Kaya't si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay naging mahahalagang tagapaglingkod ng hari. Nanatili silang tapat sa Diyos at pinagpala sila dahil sa kanilang katapatan at tapang.

Ang Diyos ay tapat at mapagkakatiwalaan. Nais Niyang magtiwala tayo sa Kanya, piliing gawin ang tama, at manatiling tapat sa Kanya. Lagi tayong aalagaan, tutulungan at protektahan ng Diyos kapag ginawa natin ang tama.

